

Hangad namin ang kasayahan ng inyong bagong silang na sanggol!



## **Gabay sa Programa ng Tulong sa Panganganak**

Ang programang ito ay itinaguyod upang makatulong sa mga pamilyang hindi kayang makapaganda ng sapat na halaga para sa panganganak dahil sa liit ng kita. (Depende rin sa sweldo, maaring pasanin nang sarili ang ilang gastusin)

### **Kwalipikasyon**

Ang mga pamilya na exempted sa pagbabayad ng buwis sa munisipyo at mga tahanan na kuwalipikado na nag-apply at lumapit sa Family Health Division ng ward office o Health and Welfare Division ng Miyagi General Branch bago ang petsa ng kapanganakan ay may posibilidad na mabigyan ng tulong.

### **Paraan ng pag-aaply**

Bumisita lamang po sa mga opisina na nakasulat sa likod ng flyer na ito sa lalong madaling panahon(sa Home Health Section ng bawat Ward Office o Public Health and Welfare Section ng Miyagi General Branch Office)

Mga Dokumentong Kailangan:

- \* Alinman sa sumusunod na dokumento na nagsasaad ng inyong Individual Number (My Number)
  1. Individual Number Card (may kasamang larawan)
  2. Notification Card (walang kasamang larawan) at dokumentong nagpapatunay ng inyong pagkakakilanlan katulad ng drivers' license.
- ※ Kung hindi maaring gamitin ang notification card bilang dokumento sa pagkumpirma ng numero, maaring magbigay ng kopya ng inyong residence card o residence certificate.
- ※ Ang My Number Card ay hindi maaring gamitin bilang dokumento sa pag-verify ng numero o dokumento ng pagpapatunay ng pagkakakilanlan .
- \* Kung may kinakasama, kailangan na magsumite ng sulat-kamay na pahintulot, sertipiko ng katibayan na ikaw ay tax-exempted, at iba ipang mga kailangan.
- \* Public Assistance Certificate (*seikatsu hogo setai shomeisho*)
- \* Maternal and Child Health Handbook (*boshi-kenko-techo*)
- \* Health Insurance Card etc.



### **Sariling Gastusin**

Hihilingin na magbayad ng maliit na bahagi sa lump-sum allowance sa panganganak at pangangalaga sa bata na manggagaling sa inyong sariling insurance company bilang kontribusyon pagkatapos manganak.

- Ang pamilya na kuwalipikado sa Public Assistance Certificate ay walang kailangang bayaran.
- Ang matatanggap na halaga para dito ay 99,800 yen.

(Kalkulasyon) \*ang pagkukuwenta ng matatanggap na halaga ay pamamahalaan ng gobyerno. 20% ng 488,000 yen (Lump-sum Allowance para sa panganganak) × 20% + 2,200 yen = 99,800 yen.

Kung nakatanggap ng tulong na pinansiyal sa panganganak galing sa Sendai City hall Health Insurance, matatanggap ito pagkatapos na ibawas ang katumbas ng halagang binayaran sa pamamagitan ng pagdelegasyon at kusang pagkolekta ng halagang binayaran.

Tanungin lamang ang mga detalye sa tanggapan ng opisina.

### Mga Hospital na Maaring Gamitin na Sakop ng Childbirth Assistance Program

- Sendai City Hospital  
Asuto Nagamachi 1-chome 1-1, Taihaku-ku, Sendai (Tel: 022-308-7111)
- Sendai Red Cross Hospital  
Yagiyama-Honcho 2-chome 43-3, Taihaku-ku, Sendai (Tel: 022-243-1111)
- Tohoku University Hospital  
Seiryomachi 1-1, Aoba-ku, Sendai (Tel: 022-717-7000)
- Sendai Medical Center  
Miyagino 2-chome 11-12, Miyagino-ku, Sendai (Tel: 022-293-1111)

**Sistema ng Komadrona:** Kapag naaprubahan ang inyong aplikasyon ng Childbirth Assistance Program, siguraduhin na magpa-check up ng regular at hintayin ang araw ng panganganak.

**Medikal na Pagsusuri sa mga Buntis:** Maari kayong magpa-check up ng libre hanggang 14 na beses, gamitin ang mga ticket na nakakabit sa nakahiwalay na libreta sa Maternal and Child Health Handbook (*boshi-kenko-techo*). Para sa iba pang mga detalye, kontakin lamang ang mga sumusunod na opisina.

**Tagal ng bisa:** Maaring tumigil sa hospital isang araw bago ang itinakdang panganganak hanggang payagan kayong pauwiin ng doctor. (Tinantiyang mga 14 na araw)



### Mga Kontak/Aplikasyon



◆.....◆ Home Health Section ng Ward Office o Public Health at Welfare Section ng Miyagi General Branch Office kung saan nakatira

Aoba Ward Office Tel: 022-225-7211

Miyagi General Branch Office, Aoba Ward Tel: 022-392-2111

Miyagino Ward Office Tel: 022-291-2111

Wakabayashi Ward Office Tel: 022-282-1111

Taihaku Ward Office Tel: 022-247-1111

Izumi Ward Office Tel: 022-372-3111

**Siyudad ng Sendai  
Mayo, ika-5 Taon ng Reiwa (2023)**